

*Mensahe Sa
Mga Awit Na Saliw Sa
Ating Buhay*

Magpakailanman,
O Panginoon
Ang Iyong Salita!

Mga Awit 119:97-104



Message Guide | Oktubre 25, 2020

O Mahal Na Mahal Ko Ang Iyong Kautusan!

Ang Mensahe Ngayon (25 Oktubre 2020) / Mga Awit 119:97-104

*“Kung hindi tayo
kikibo, sinong
kikibo?”*

*“Kung hindi tayo
kikilos, sinong
kikilos?”*

*“Kung hindi ngayon,
kailan pa?”*

Mga Tanong Para sa Talakayan

1. Sa paanong praktikal na paraan ninyo mapapalago ang inyong pagmamahal sa Banal na Kasulatan? Isipin ninyo kung paano napamahal sa inyo ang inyong mga asawa o mga kasintahan? Ano sa mga ginawa ninyo noon ang magagawa ninyo para lumago ang inyong pag-ibig sa Kanyang Salita?
2. Anong mga nakagawian ninyo ang alam ninyo na kasalanan sa mata ng Dios? Paano ninyo ito matatalikuran? Ano kayang mga talata sa Biblia ang maaari ninyong aralin para inyong maitigil ito?

Noong ating huling pag-aaral sa estropang “Lamed” (v. 89-96) natutunan natin na may katatagan, kaaliwan at kaligtasang taglay ang salita ng Dios. Dahil dito maaari nating asahan at pagkatiwalaan ang mga kautusan, patotoo at pangako ng Dios sa Kanyang Salita.

Ang dominanteng tema ng estropang “Mem” ay kung paanong ang pagmamahal sa salita ng Dios ay nagdadala ng pakinabang at wastong pamumuhay sa isang mananampalataya. Makikita natin ito sa tatlong bahagi...

- Ang Pagmamahal sa Salita ng Dios
- Ang Pakinabang ng Salita ng Dios
- Ang Pamumuhay ng Salita ng Dios

1. ANG PAGMAMAHAL SA SALITA NG DIOS

⁹⁷ O, mahal na mahal ko ang iyong kautusan! Ito'y siya kong binubulay-bulay sa buong araw..... ¹⁰³ Napakatamis ang iyong mga salita sa panlasa ko; higit na matamis kaysa pulot sa bibig ko!"

- MGA AWIT 119:113, 163, 165, ¹¹³ Kinasusuklaman ko ang mga taong may salawahang kaisipan, ngunit iniibig ko ang iyong kautusan ¹⁶³ Aking kinapopootan at kinasusuklaman ang kasinungalingan, ngunit iniibig ko ang iyong kautusan ¹⁶⁵ May dakilang kapayapaan ang mga umiibig sa iyong kautusan, walang anumang sa kanila ay makapagpapabuwal."

- MGA AWIT 1:2, "kundi nasa kautusan ng Panginoon ang kanyang kagalakan, at nagbubulay-bulay araw at gabi sa kanyang kautusan."

- "Siya ay gaya ng isang punungkahoy na itinanim sa tabi ng agos ng tubig, na nagbunga sa kanyang kapanahunan, ang kanyang dahon nama'y hindi nalalanta, sa lahat ng kanyang ginagawa ay nagtatagumpay siya." MGA AWIT 1:3

- MGA AWIT 19:10, "Higit na dapat silang naisin kaysa ginto, lalong higit kaysa maraming dalisay na ginto; higit ding matamis kaysa pulot at sa pulot-pukyutang tumutulo."

2. ANG PAKINABANG NG SALITA NG DIOS

⁹⁸ Ginawa akong higit na marunong kaysa aking mga kaaway ng mga utos mo, sapagkat ito'y laging kasama ko.

⁹⁹ Ako'y may higit na pang-unawa kaysa lahat ng aking mga guro, sapagkat aking binubulay-bulay ang iyong mga patotoo.

¹⁰⁰ Ako'y nakakaunawa ng higit kaysa nakatatanda, sapagkat aking iningatan ang iyong mga salita."

Tatlong beses sinabi ng salmista na siya ay nagkaroon ng higit na pang-unawa....

O Mahal Na Mahal Ko Ang Iyong Kautusan!

Ang Mensahe Ngayon (25 Oktubre 2020) / Mga Awit 119:97-104

- “Ginawa akong higit na marunong...” (v. 98)
- “Ako’y may higit na pang-unawa...” (v. 99)
- “Ako’y nakakaunawa ng higit...” (v. 100)

Ang kahigitan niya ay kaysa sa tatlong iba’t-ibang klase ng tao...

- “...kaysa aking mga kaaway...” (v. 98)
- “...kaysa lahat ng aking mga guro...” (v. 99)
- “...kaysa nakatatanda...” (v. 100)

Ang dahilan ng kanyang kahigitan ay malinaw...

- “...ng mga utos mo... ito’y laging kasama ko...” (v. 98)
- “...ang iyong mga patotoo... aking binubulay-bulay” (v. 99)
- “...ang iyong mga salita... aking iningatan” (v. 100)

- MGA KAWIKAAN 1:7, “Ang takot sa Panginoon ang pasimula ng kaalaman; ang karunungan at turo ay hinahamak ng hangal.”

- I CORINTO 1:20, “Nasaan ang taong marunong? Nasaan ang eskriba? Nasaan ang bihasang makipagtalo ng panahong ito? Hindi ba’t ginawa ng Diyos na kahangalan ang karunungan ng sanlibutan?”

- JOB 32:8-9, “Ngunit ang espiritu na nasa tao, ang hininga ng Makapangyarihan sa lahat ang nagbibigay sa kanya ng unawa. Hindi ang dakila ang siyang matalino, ni ang matanda man ang siyang nakakaunawa ng wasto.”

Kaya’t ang ating pagmamahal sa salita ng Dios ay nagbibigay sa atin ng pakinabang na siya namang magpapalakas ng ating....

3. ANG PAMUMUHAY NG SALITA NG DIOS

¹⁰¹ Sa lahat ng masamang lakad ay pinigil ko ang mga paa ko, upang aking masunod ang salita mo.

¹⁰² Ako’y hindi lumihis sa mga batas mo, sapagkat tinuruan mo ako....

¹⁰⁴ Sa pamamagitan ng iyong mga tuntunin ay nagkaroon ako ng kaunawaan; kaya’t kinapopootan ko ang bawat huwad na daan.”

“Sa lahat ng masamang lakad ay pinigil ko ang mga paa ko” (v. 101).

- “Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni umuupo man sa upuan ng mga manunuya;” (MGA AWIT 1:1)

“Ako’y hindi lumihis sa mga batas mo” (v. 102).

- Mga Awit 119:67, “Bago ako nagdalamhati ay naligaw ako; ngunit ngayoy tinutupad ko ang salita mo.”

“Kinapopootan ko ang bawat huwad na daan” (v. 104).

Ang pagmamahal sa salita ng Dios, ay nagdadala sa atin ng pakinabang ng salita ng Dios, upang ating matapat na maipamahay ang salita ng Dios.

HAMON SA ATIN

“Kung hindi tayo kikibo, sinong kikibo?

Kung hindi tayo kikilos, sinong kikilos?

Kung hindi ngayon, kailan pa?” ■

The Need of Men

In 2017 Susan Pinker (a psychologist and social science columnist of Wall Street Journal) spoke at Ted Talk and said “**social isolation** is a public health risk of our time”. She mentioned as well that women live 6 to 8 years longer than men. She further revealed that the reason for this is found in the 2 top predictors that will make you live longer: Number 2 is **Close Relationships** and Number 1 is **Social Integration**. Social Integration is interaction with people you are close with or just acquaintances, both with the weak and strong bonds.

Interaction especially “face to face interaction releases neurotransmitters that foster trust, reduce stress, kill pain and induce pleasure” (Susan Pinker). Well, this pandemic has prevented us from having onsite fellowship but we have the next best thing a Zoom Fellowship.

Yesterday we had our **Men's Zoom Fellowship on “Fathering in Every Season” (Spiritual Fathering)**. Elder Aris Lumague gave a very insightful talk on fathering. He highlighted our role in fathering significant people around us not just for the married but even as a single man. We were also reminded of how God fathered us. We had a blast as we were blessed not only with a special song but also a testimony by Paul Tubera. We even had fun participating in a game with a prize!

Men need social integration or fellowship. What science is discovering, the Bible already affirmed in Hebrews 10:24-25 *And let us consider how to stir up one another to love and good works, 25 not neglecting to meet together, as is the habit of some, but encouraging one another, and all the more as you see the Day drawing near.*

To all the Men out there, we have a variety of groups for you, from the Young People, Young Professionals and to Adult Men that you can have fellowship with. **The UFC** (Young Pro), **Brother's Keeper**, **The King's Merchant** (Businessmen), **The King's Apprentice**, **Kuyas** are just some of the men's groups that you can join or perhaps you might be interested in forming a new one. You may contact me for other details at 09189427350 (P.Sam).

The Things that Women are Good At

Quite obvious that women live longer because they are good at **close relationships** and **social integration**.

“Women are nurturers. Women are sisters. Women are sympathizers. And more. Multitaskers. Standing tall in the midst of sickness. Crying silently. When women gather, these are times of prayer, encouragement, emotional support, and friendship.” Susan Sosmena

The women have more than 30 Growth Groups (GG) that you can choose from in case you do not have a GG yet. We also have special groups with special activities that you can join in.

1. **Naomi** – Widows
2. **SupaMoms** – Single Mothers
3. **SHE** – Single professionals
4. **Joy Women** – Adult Women

We also have a group for Married Women and the Apples of Gold mentoring group. For more information please contact Angie at 09175321921. ■

MGA ANUNSIYO

ELECTION OF CHURCH LEADERS

Para sa karagdagang impormasyon magtungo sa election.gcf.org.ph o mag-email sa election@gcf.org.ph para sa mga katanungan

BELONGING (Midweek Series): *Encouraging One Another*

Oktubre 28 (Miyerkules), 8:00 n.g. sa GCF Facebook Page

REMINDERS OF GOD'S CARE AND FAITHFULNESS

Tuwing Lunes at Biyernes, 7:00 n.g. sa GCF Facebook Page

LIVestream (Youth LIVE Worship)

Tuwing Sabado, 5:00 n.h. sa youtube.com/user/gcfyouthlive

KIDS' L.I.F.E. ONLINE SUNDAY SCHOOL

Tuwing Linggo, 1:00 n.h. sa Facebook sa [@GCFKidsLIFE](https://www.facebook.com/GCFKidsLIFE)

THE GCF FAMILY'S HOUR OF PRAYER

8:00 n.g. hanggang 9 n.g. sa Zoom

LIFESPRIING GROWTH GROUP (SENIOR COUPLES)

Tuwing Lunes, 7:30 n.g., sa Zoom, GG Leader: Elder Marc Sosmeña

GCF SMALL GROUP TRAINING AND PRECEPT PHILIPPINES

An Inductive Bible Study on Mark 7-13

Linggo, 8:30 hanggang 9:30 n.u. sa Zoom, makipag-ugnay kay Marj: 0917-779-1549


PAGSAMBA SA PAGBIBIGAY

Upang makapagbigay sa mga panahong ito, maaaring gawin ang anuman sa sumusunod:

BANK DEPOSIT O TRANSFER

Account Name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

- **BDO** (BDO Corporate Center Branch)
Savings Account 000661590216
- **China Bank** (Ortigas ADB Branch)
Savings Account 1112-02006218
- **UnionBank** (UB Plaza Branch)
Checking Account 0005-9001-0426
- **Robinsons Bank** (Main Office Branch)
Savings Account 1000-3010-0017-355
- **Bank of the Philippine Islands (BPI)**
Ortigas Emerald Branch
Peso Savings Account
Account name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.
Account No.: 9823 0217 01
- **Metrobank** (Ortigas Sapphire Branch)
Savings Account 629-3-62919733-9
- **GCash (L) and PayMaya (R)**
(i-scan ang QR code sa ibaba)



CREDIT/DEBIT CARD THROUGH PAYPAL

Pumunta sa www.gcf.org.ph/give para sa detalye.

Mangyaring mag-email ng kopya ng inyong transaction document sa finance@gcf.org.ph upang ma-record ang inyong pagbibigay at makapaghanda ng resibo.

COVID-19 EMERGENCY RESPONSE EFFORTS

Maaari ninyo ring itala ang inyong pagbibigay sa ating relief efforts para sa mga frontliners at iba pang lubhang naapektuhan ng krisis. Ilagay lamang sa subject ng inyong email ang "For COVID-19 fund" ■



Greenhills Christian Fellowship

Know Christ and Make Him Known

Ruby cor. Garnet Roads, Ortigas Center, Pasig City, 1605

☎ (02) 8632 1354 to 56, (02) 8635 0078 to 80, (02) 8635 0082 to 83

☎ Fax No. (02) 8632 1357, Monday ☹ Friday, 9:00 a.m. to 6:00 p.m.

✉ email@gcf.org.ph 🌐 gcf.org.ph 📍 Greenhills Christian Fellowship